REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-121

KAPASIYAHAN NA IPINASUSUBASTA ANG BAGONG PAMILIHANG BAYAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PINAKAMATAAS O PINAKAMAGALING NA MANGUNGUPAHAN BASE SA MGA BATAYAN O KONDISYONES NG PAGSUSUBASTA NA NAILATHALA NA SA PAHAYAGAN AT MATAPOS ITO AY BINIBIGYAN NG KARAPATAN AT KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN NG PAGPAPAUPA SA NANALONG MANGUNGUPAHAN PARA SA PANGA-NGASIWA AT PAMAMAHALA NG NASABING PALENGKE.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA bilang may-ari ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa ay ipinasusubasta ito sa pinakamataas o pinakamagaling na mangungupahan base sa mga batayan o kondisyones ng pagsusubasta na nailathala sa pahayagan upang mangasiwa at mamahala sa nasabing Pamilihang Bayan;

SAPAGKAT, matapos ang pagsusubasta ng nasabing Pamilihang Bayan, ang Punong Bayan ay binibigyan ng karapatan at kapangyarihan na pumasok sa isang kasunduan ng pagpapaupa sa nanalong mangungupahan para sa pangangasiwa at pamamahala ng nasabing palengke.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Kapasiyahan na ito ay pinagpasiyahan na ipinasusubasta ang Bagong Pamilihang Bayan ng Pamahalaang Bagan ng Muntinlupa sa pinakamataas o pinakamagaling na mangungupahan base sa mga batayan o kondisyones ng pagsusubasta na nailathala na sa pahayagan matapos ito ay binibigyan ng karapatan at kapangyarihan ang Punong Bayan na pumasok sa isang kasunduan ng pagpapaupa sa nanalong mangungupahan para sa pangangasiwa at pamamahala ng nasabing palengke.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang pitumpu't anim (76th) pangkaraniwang pulong ngayong ika-2 ng Oktubre 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN : RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Oktubre 2, 1989